

“Ang Pribatisasyon ng National Food Authority at ang Implikasyon nito sa Manggagawa ng Ahensiya”

Isang undergraduate tesis bilang parsyal na katuparan
sa pangangailangan sa kursong BA Development Studies

Maria Sheila G. Bautista
00-53395
BA Development Studies

Dr. Edberto Malvar Villegas
Tagapayo

Unibersidad ng Pilipinas- Manila
Kolehiyo ng Agham at Sining
Departamento ng Agham Panlipunan

PAHINA NG PAGPAPATIBAY


Petsa

Bilang bahagi ng Katuparan para makamit ang antas/titulo ng Batsilyer sa Sining, dalubhasa sa Development Studies, ang tesis na ito na pinamagatang **“Ang Pribatisasyon ng National Food Authority at ang Implikasyon nito sa Manggagawa ng Ahensiva”** ay pinaghandaan at isinumite ni **Maria Sheila Gelacio Bautista**.



Dr. Edderto Malvar Villegas
Tagapayo

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng Katuparan para makamit ang antas/titulo Batsilyer sa Sining, dalubhasa sa Development Studies.



Paula Sioco
Chairperson
Departamento ng Agham Panlipunan
Unibersidad ng Pilipinas- Manila
Ermita, Maynila

PASASALAMAT

Para sa lahat ng taong tumulong at nagsilbing inspirasyon sa akin upang matapos ko ang pag-aaral na ito:

Kina Papa, Mama at Kuya Jeje, salamat po sa suportang pinansiyal at sa walang sawang katatanong kung kumusta na ang *thesis* ko.

Kay Dr. Edberto Malvar Villegas, ang aming tagapayo na nakaintindi sa akin kahit nahuli ang unang *draft* ko.

Kay Sir Roman Sanchez, Tagapangulo ng National Food Authority Employees Alliance (NFA-EA) sa pagbibigay sa akin ng "*Stop Privatization*" pin at libro mula sa *Ibon Databank and Research Center* na walang bayad, pati na rin po sa pag-ubos ninyo ng *credits* kung ako ay tinatawagan ninyo.

Kina Ms. May-ann at Ms. Lovely na nangolekta ng mga *surveys* ko.

Sa may 60 *respondents* mula sa iba't ibang tanggapan ng NFA sa buong bansa.

Sa *Block 07*, karamay ko sa pamamalagi ko sa unibersidad. Lalo na kina Rho, Flo, Z'sa May at Tess, alam ko, pagkatapos nito, delingkwente pa rin tayo...

Sa mga katropa ko, salamat sa pang-aaliw at kakulitan, hindi na kayo nagbago!

Kay Aiz, na nagsilbing tagasalin ko, salamat talaga, talentado ka.

Kay Tintoy, sa pagsalo sa *katoxican* ko.

At higit sa lahat, sa Kanya...

TALAAAN NG NILALAMAN

Pahina ng Pagpapatibay	ii
Pasasalamat	iii
Abstrakto	iv

KABANATA I. TESIS PROPOSAL

I. Paglalahad ng Problema	1-2
II. Layunin ng Pag-aaral	2-3
III. Depinisyon ng Mga Termino	3-5
IV. Teoretikal na Pananaw	5-6
V. Metodolohiya	6-7
VI. Paglalahad ng Ipotesis	7-8
VII. Pagrerepaso ng Literatura	8-16
VIII. Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral ...	16-17
IX. Kahalagahan ng Pag-aaral	17

KABANATA II. ISYU: PRIBATISASYON ... 18-21

I. Kasaysayan ng Korporasyon	21-23
II. Ang Reorganisasyon ng NFA	23-26
III. Ang NFA: Administrasyon ni Estrada ...	26-27
IV. Ang NFA: Administrasyon ni GMA ...	27-29
V. Kasalukuyan	29-33

KABANATA III.

PAG-AANALISA SA NAKALAP NA DATOS 34-43

KABANATA IV.

REKOMENDASYON AT KONKLUSYON 44-48

Mga Sanggunian

Apendise

I. Reaksiyon ng KILOS-SAKA Hinggil sa Pribatisasyon ng NFA
II. Analisis ng COURAGE sa Isyu ng Pribatisasyon
III. Talatanungan

ABSTRAKTO

Ang sektor manggagawa ay may mahalagang papel sa produksiyon. Sila, kabalikat ng ating mga magsasaka, ang susi sa pagkamit ng ating pambansang hangarin- ang magkaisa upang maitatag ang isang pambansang industriya na siyang magsisilbi nating paraan upang makamtan ang pag-unlad. Subalit ang banta ng pribatisasyon ay unti-unting kumikital sa mismong sektor, maging ang kanilang kagalingan.

Ang pag-aaral ay tatalakay sa kalagayan ng mga manggagawa sa *National Food Authority* at nakapokus sa kahihinatnan ng sektor, kasama na rin ang sektor agrikultura kung tuluyang isapribado ang ahensiya. Kasama rin dito ang ilang rekomendasyon o tahakin na naglalayong mapagtibay ang institusyon at manggagawa nito at sektor agrikultura na nagsasaalang-alang sa interes ng mayorya na kinabibilangan ng manggagawa at magsasaka

Kabanata I

I. Paglalahad ng Problema

Ang usapin ukol sa isyu ng pribatisasyon ay sadyang napakakontrobersyal sa kadahilanang maraming nagtutunggaling pananaw galing sa iba't ibang sektor tungkol sa epektibidad ng nasabing programa.

Kung tutuusin, matagal ng usapin ang pribatisasyon. Ito na ang *trend* na nagsimula sa panahon ng panunungkulan ni Ferdinand Marcos, kung saan tumayo siya bilang garantiya sa kanyang mga kroni (komprador burgesya at panginoong may lupa) ang nangutang mula sa mga lokal at dayuhang mananalapi upang magtayo ng kanilang negosyo. Sa kasamaang palad, nabangkarote ang mga negosyo nang magkaroon ng krisis pang ekonomiya noong 1980. Bilang katugunan, ginamit ni Marcos ang kaban ng bayan upang mabayaran ang mga utang ng mga bumagsak na negosyo. Binalikat ng gobyerno ang mga utang ng mga korporasyon na kinakitaan ng tiwaling pamamahala at batbat ng korupsiyon.

Dahil sa mga pangyayari, noong si Corazon Aquino ang naluklok sa pwesto, hindi siya nagdalawang isip na sumuong sa programa ng pribatisasyon upang maresolba ang suliranin at itama ang maling pamamahala at pamamalakad sa mga korporasyon. Ipinatupad niya ang *Asset Privatization Trust* (APT) at *Commission on Privatization* (COP) sa ilalim ng *Presidential Proclamation 50* upang bawasan ang mga korporasyong kontrol at nasa pagmamay-ari ng gobyerno at *non performing assets* at upang magkaroon ng *revenue*. Nagpatuloy ang pagsasapribado sa mga korporasyon sa panunungkulan nina Fidel Ramos, Joseph

Ejercito Estrada at Gloria Arroyo bilang pagtugon sa mga kondisyong ipinataw sa atin ng *International Monetary Fund-World Bank* dahil sa patuloy na lumulubong utang panlabas natin. Kabilang sa polisiya ng globalisasyon na kailangan nating ipatupad, nasimulan na ito sa pagsasapribado ng MWSS, MERALCO, PAL at iba pa.

Sa kasalukuyan, pinapangambahan ang hindi nalalayong pagsasapribado sa *National Food Authority* (NFA). Ang implikasyon nito ay nagdudulot ng matinding takot hindi lamang sa mga manggagawa ng institusyon kung hindi sa buong sektor ng agrikultura. Noon pa man, sadya nang tutol ang nakararami sa programa, sapagkat walang kasiguruhan ang mga manggagawa sa kanilang trabaho, gayundin, ang interes ng bagong mamamahala ay maaaring taliwas sa sektor ng agrikultura na magdudulot ng sigalot sa bandang huli.

Masyadong masunurin ang pamahalaan sa pagpapatupad ng pribatisasyon, sa pagtutuon nito ng pansin sa mga kabutihang maidudulot daw ng nasabing programa, nakaligtaan na ng pamahalaan ang maaaring kahihinatnan ng mga manggagawa at magsasaka.

II. Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay naglalayon ng isang komprehensibong pagtatasa sa maaaring maging implikasyon ng pribatisasyon ng *National Food Authority* sa mga manggagawa nito at sa kabuuan ng sektor agrikultura.

Ang mga ispesipikong layunin ay kinabibilangan ng:

1. Magkaroon ng sapat na kaalaman ukol sa mga aktibidad at kalagayan ng institusyon bago at matapos ang napipintong pagsasapribado rito.
2. Masuri ang naging kalabasan (kabutihan o kasamaan) ng pagpapatupad ng “regularisasyon o reorganisasyon” (isang hakbangin tungo sa pribatisasyon sa institusyon) kung saan lubos na naapektuhan ang mga manggagawa nito.
3. Masuri ang mga polisiyang inisyal na programang kasalukuyang ipinapatupad sa ilalim ng pribatisasyon at nagdudulot ng malaking suliranin sa sektor agrikultura.
4. Makapag-ambag ng mga epektibong rekomendasyon at tahakin na naglalayong mapagtibay ang institusyon at manggagawa nito at sektor agrikultura na nagsasaalang-alang sa interes ng mayorya na kinabibilangan ng manggagawa at magsasaka.

III. Depinisyon ng mga Termino

Pribatisasyon - pagpapalit ng pag-aari at kontrol sa mga pampublikong kompanya sa kamay ng pribadong sektor partikular na nakatuon sa pagbebenta ng *asset* parsyal man o buo

National Food Authority - namamahala sa merkado ng palay (suplay at presyo ng palay sa bilihan) upang matiyak ang seguridad ng populasyon sa suplay ng pagkain

Industriya ng Butil – sektor ng agrikultura na nakasentro sa produksyon, pagbebenta at palitan ng palay, mais, trigo, “*sorghum*”, at iba pang butil at kanilang kahalili kagaya ng monggo, kamoteng kahoy, at *soya bean*.

Magsasaka – pangunahing puwersa sa agrikultura kung saan sa pamamagitan ng kanilang kaalaman at lakas paggawa, malaki ang nagiging kontribusyon nila sa produksyon ng pagkain ng bansa, subalit sa kabila ng katotohanang ito, karamihan sa kanila ay naghihirap at nagugutom dahil sa kawalang suporta ng pamahalaan, itinuturing silang isa mga mga pinapabayaang sektor

AoA (Agreement on Agriculture) - isang probisyon na naglalayong mareporma ang kalakal sa agrikultura sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga probisyong pumapabor sa lokal na produksyon gaya ng border protection laban sa mgaangkat na produkto galing sa ibang bansa gayundin ang pagbawas ng suporta ng pamahalaan sa mga lokal na prodyuser at subsidiya sa pag-eksport

GATT (General Agreement on Tariffs and Trade) - nagpapatupad ng mga kondisyong itinalaga ng IMF-WB sa relasyon ng pag-eksport, polisiya sa kalakal at pagbabawas ng bahagdan ng taripa

Government Support Price - ang lebel ng presyo na ginagamit ng NFA sa pagbili at pag-imbak nito ng palay o yaong nabayo na, mas mataas ito kaysa sa umiiral na *commercial farm gate price* upang tiyakin na mayroong kita ang mga magsasaka habang isinaalang-alang nito ang presyong internasyunal at matiyak ang kakayanang sustentuhan ito

Government Owned Companies (GC) - mga kompanyang isinalin ang pamamahala sa gobyerno dahil sa pagkabangkarote, hindi maresolbang pag-aaklas ng mga manggagawa at hindi maagapang pagbagsak ng partikular na industriya

IV. Teoretikal na Pananaw

Gagamitin sa pag-aaral ang istoryal na materyalismo bilang pamantayan upang mapagtuunan ng pansin ang relasyon ng institusyon at ang sektor ng magsasaka at manggagawa. Sa pamamagitan nito, madedetermina kung totoo ngang may pagbabago tungo sa kaunlaran ng sektor magsasaka at manggagawa ng institusyon habang napipinto ang pagpapatupad ng pribatisasyon o lalo lamang

lumala ang kahirapang nararanasan ng mga taong kagyat na apektado sa isyu. Dito rin masusuri ang mga isyu na napapatungkol sa *humanitarian concern* kung saan kabilang ang istruktura ng pagmamay-ari , pagbabahagi ng kita , komersalisasyon ng mga prayoridad at usapin sa empleyo. Nararapat na maipakita na may nagtutunggaliang puwersa sa usapin ng pribatisasyon, sapagkat ang maaaring nakikitang kabutihan ng probisyon ng pamahalaan at ng institusyon ay maaaring makasama sa panig ng mga magsasaka at ng kabuuan ng agrikultura at maggagawa ng NFA.

V. Metodolohiya

Upang makatiyak sa pagpapatibay ng pag-aaral, gagamitin ng mag-aaral ang sistematikong pagpoproseso ng mga dokumento. Ito ay sa pamamagitan ng mga pananaliksisk ng mga isyung batay sa usapin ng pribatisasyon, mga mabuting dulot at masamang epekto nito, makakuha ng mga artikulo at *journals* na mahalaga para sa kaugnay na literaturang tumatalakay sa implikasyon ng programa sa sektor ng agrikultura at sa mga manggagawa ng NFA. Kabilang din sa mga sekondaryang datos na papag-aralan ay ang mga natapos at nalimbag ng pag-aaral na may kinalaman sa usapin.

Kinakailangan din ng mag-aaral ang panayam na kinatatampukan ng mga pangunahing taong maapektuhan ng pribatisasyon- kinabibilangan ito ng mga manggagawa ng institusyon at pananaw ng mga magsasaka para naman sa sektor agrikultura. Hihingin ng mag-aaral sa mga nasabing kakapanayamin ang kani-kanilang pananaw sa magiging kahihinatnan nila kung ipapagpatuloy ang

pagsasapribado sa institusyon. Ang mga respondente ay tinatayang nasa humigit kumulang limampu. Bukod pa rito, sisikapin din kapanayamin ang mga direktang namamahala sa institusyon na may kinalaman sa isyu. Ang *survey* ay kinakailangan din sapagkat hindi lahat ay kakayaning kapanayamin ng mag-aaral. Ang *random sampling* ang gagamitin sa pagsasagawa nito upang makatiyak ng tamang representasyon mula sa mga sektor na saklaw ng isyu. At kapag naestablisa ang pag-aaral, gagamitin ang *chi square* sa pagsusuri ukol sa pagpapatibay sa opinyon ng pag-aaral, yaon ang mas maigting na paghihirap ang mararanasan ng mga manggagawa at magsasaka.

VI. Paglalahad ng Ipotesis

Nais iparating ng may-akda na walang maidudulot na mabuti ang pagsasapribado sa institusyon , nagbabanta ang pagkawala ng trabaho ng mga manggagawa ng NFA dahil sa walang katiyakang balakin ng bagong pamunuan (nariyan ang banta ng *retrenchement measures* na maaring ipatupad na magreresulta sa malawakang pagtanggag ng mga trabahador sa ahensya, at kung magkagayon, saan kukuha ang mga manggagawa ng ipapanustos nila ng kanikanilang pangangailangan, gayundin, sa mga mapapanatiling manggagawa ay ang pangambang pagbawalan sila ng bagong mamamahala ukol sa unyonismo, usapin sa sahod ai iba pa) at lalo na sa agrikulturang sektor at sa mga magsasaka sa kabuuan, na sa kasalukuyan ay kagyat na naapektuhan ng mga inisyal na probisyon ng globalisasyon (*Agreement on Agriculture*, TRIMS, TRIPS) na tunay namang represibo sa mga magsasaka at sa agrikultura. Mas lalong maapi ang mga

pesante dahil sa paghahari ng mga internasyunal na korporasyon at kompetisyon mula sa mga ito dahil sa atrasado ang ating agrikultura at patuloy ang unti-unti nitong pagbagsak at kalaunan ay pagkamatay dahil sa mga nasabing probisyon. Nakakaalamang isipin na sa pagbagsak ng sektor lalong pagkagutom ang haharapin ng mga Pilipino dahil sa mas iigting pang inseguridad sa suplay natin ng pagkain. Ang mga nabanggit na masasamang epekto ng pribatisasyon ay pagagtibayin sa pamamagitan ng paggamit ng *chi square* sa pagtatasa sa mga ito.

Ang pagyakap ng pamahalaan sa kondisyong ipinataw ng *structural adjustment programs* na ginawa at ipinataw bilang mga kondisyon ng IMF-WB ay manipistasyon ng kawalang suporta ng pamahalaan sa mga sektor na apektado nito. Kailangan nating isaalang-alang at tanggapin ang katotohanang ang sinasabing kabutihang dulot ng pribatisasyon ay isa lamang *lip service* o propaganda na ang hangad ay linlangin ang mga tao sa tunay nitong mga represibong layunin.

Panahon na upang kalampagin ang gobyerno upang iabandona ang patuloy na pagtangkilik sa polisiya ng pribatisasyon. Kinakailangang ibalik ng pamahalaan ang pag-aari nitong korporasyon higit na kailangan sa pagtatatag natin ng industriyalisasyong nasyunal at yaong nakapagbibigay ng pangunahing serbisyo sa mga tao na siyang pangunahing sinasalungat ng pribatisasyon ngayon.

VII. Pagrerepaso ng Literatura

Ayon sa "*A Review of Privatization in the Philippines*" ni Alvin P. Ang (halaw sa SRC *Update* ng University of Sto. Tomas Social Research Center na

lumabas noong Hulyo 2001 Numero 20001-03), sinuri ang mga pangunahing layunin ng programa mula kay Marcos hanggang kay Ramos, naging matagumpay ito kung pagbabasehan ang mga sumusunod na salik: nabawasan ng gobyerno ang bilang ng mga pampublikong korporasyon, nagawa nitong magkaroon ng surplus sa badyet makaraan ang 20 taon, ang ginagampanang papel ng pribadong sektor ay napalawak, napaunlad ang *capital market* (dahil sa pagsasapribado ng korporasyon ng Petron) at nakatulong ito sa pagpasok ng mga dayuhang namumuhunan. Subalit sa malalimang pag-aaral, kinakailangang isaalang-alang ang katotohanang: ang pagtingin ng gobyerno at pagyakap sa programa ay bilang panandaliang pagtugon sa mga suliraning kinakaharap (ang pamahalaan ay interesado lamang sa panandaliang pagbebenta ng assets upang makakuha ng karagdagang kita. Hindi naisip ng gobyerno na nalilimitahan nito ang pagpapaunlad sa kakayahang ekonomiko ng bansa dahil sa ang pagbebenta ng assets ay nangangahulugan lamang ng paglilipat ng pagmamay-ari ng industriya (at kapangyarihang monopolyo) sa kamay ng pribadong sektor kagaya ng PAL na noong nagkaroon ng deregulasyon ay bumagsak ang kalagayang pinansyal nito. Ang patakaran na nakapaloob sa programa ay hindi rin malinaw at sa tuwina ay pabagu-bago. Isa rin ang hindi akmaang paggamit sa kinita mula sa pagbebenta ng *assets*. Sinasabi na ang kikitain mula rito ay magsisilbing pambayad natin ng utang subalit inaloka ito sa reporma ng lupa, mabuti sana kung umunlad ang sektor subalit taliwas sa inaasahan, nanatiling lugmok ang sektor dahil sa kakulangan ng pondo na hindi nagtaas sa loob ng 15 taon. Naging paiba-iba rin ang halaga ng mga *assets*. Posibleng nagbenta ang gobyerno ng mga *assets* na

mas mababa kaysa tunay nitong halaga o di naman kaya, nananatiling hindi mabenta ang mga *assets* dahil mas mahal ito kaysa sa tunay na halaga. Ang pagmamamay-ari ay nananatiling may limitasyon dahil ang proseso ng pribatisasyon sa bansa ay nakatuon lamang sa kalakal na usapin at hindi bilang oportunidad sa pagpapaunlad ng *capital base* sa mga lokal na panggitnang uri (may ari ng mga maliliit at katamtamang laking negosyo). Ang pribatisasyon ay nagsisilbi ring paglilipat ng mga pinagkukunang yaman mula sa mga malalaking korporasyong suportado ni Marcos, tungo sa gobyerno, tungo sa kasalukuyang mga korporasyong pinapaboran ng gobyerno kagaya ng pamilya Lopez na may-ari ng Meralco, ABS-CBN at Maynilad. Hindi epektibo ang pagpapaloob ng bansa sa pribatisasyon sa kabuuan aniya.

Sa "*Privatization of Government Corporations: Issues and Directions for the 1990s*" nina D.M. Macapagal Jr. at G.S. Beltran (halaw sa *Philippine Economic Journal* Bolyum 31 Bilang 1 at 2, at lumabas noong 1992 na ipinubliha ng *Philippine Economic Society*) , sinuri nila ang hakbang ng administrasyong Aquino ukol sa pribatisasyon bilang pagtugon sa mga nabangkaroteng korporasyon ng gobyerno. Natuon ang pribatisasyon sa pagbebenta ng mga *assets* na hindi na napapakinabangan at nang kalaunan, ang pagbebenta ng isang parte o kabuuan ng ng GOCCs ay nadagdag rin. Kabilang sa mga naging positibong epekto ng pribatisasyon ay ang karagdagang pinagkukunang yaman na nakatulong sa pagpapaunlad natin ng ating ekonomiya, napabuti rin ang bilang ng ating mga produksyon, at ang pagliit ng ng pampublikong sektor ay nakabawas sa malaking kakulangan ng piskalya, gayundin, nasalungat nito ang inflasyon at pagtaas ng

bahagdan ng interes. Sa kabilang banda, may mga negatibong epekto nito na kinabibilangan ng pagpapakawala ng gobyerno sa mga utang ng korporasyon, *tax breaks*, suliranin sa *balance of payments*, pagsama ng kondisyon ng manggagawang sektor dahil sa tanggalan sa trabaho, diskwento mula sa mga nasuring halagang mga naisapribadong *asset*. Ang kauuwian ng mga ito ay banta sa ating nasyunal na soberanya.

Sa "*The Prospects of the Philippine Food Security Under the WTO*" nina Miriam Azurin at Rosa Bella de Guzman (mula sa *Ibon Facts and Figures* ng *Ibon Foundation* na lumabas noong Disyembre 31, 2001), sinuri nila ang kalagayan ng bansa sa seguridad nito sa pagkain kung ito nga ba ay natutugunan kapag tumupad tayo sa mga probisyong matatagpuan sa adyenda ng *World Trade Organization*. Sa kanilang pag-aanalisa, sinasabing ang mga probisyon nasa WTO sa porma ng *Agreement on Agriculture, Agriculture and Fisheries Modernization Act* at iba pa ay mas makakasama pa sa inseguridad ng bansa sa pagkain ilan sa magiging epekto ng pagpapatupad natin sa mga ito ay ang pagkamatay ng ating mga maliliit na sakahan dahil sa ating pagdepende sa pag-angat natin ng murang kalakal galing sa ibang bansa. Ang manipulasyon sa presyo ng mga produkto ay nagiging isang konsekwensiya (kapag inalis ng gobyerno ang suporta nito sa sektor agrikultura) na magiging dahilan upang magpatuloy ang operasyon ng *supply consumption network* sa pagitan ng mga magsasaka at mamimili. Dahil din dito, ang kontrol ng NFA sa lokal na merkado ng pagtatakda ng presyo ay malilimitahan. Ang magiging trabaho na lamang ng ahensya ay nakatalaga na lamang sa *marketing* (pagkontrol ng suplay, presyo, at distribusyon) dahil na rin

sa pagdepende ng ahensya sa kakarampot na badyet galing sa pamahalaan at hindi na manggagaling mula sa kinitang bayad taripa mula sa pag-aangkat natin, at ang kinatatakutan ng lahat, ang napipintong pagsasapribado sa ahensya. Kung magkagayunman, magkakaroon ng deregulasyon sa presyong mekanismo ng institusyon, wala na ring restriksiyon sa pag-aangkat ng murang bigas at pribatisasyon ng *marketing* at *trading function* ng NFA. Ang presensiya ng iba't ibang manipulasyon sa merkado na kinabibilangan ng *Sanitary and Phytosanitary Measures* ay nagpapahirap pa lalo sa produksyon ng mga mahihirap na bansa sa pagpasok nila sa internasyunal na merkado. Isa itong amba sa soberanya dahil ang gayong uri ng oryentasyon sa sistema sa agrikulturang palitan, at ang industriyal at komersyal na agrikultura ay siyang nakakapagpababa pa lalo sa kita ng mga magsasaka, banta rin ito sa seguridad natin sa pagkain at paglubha pa lalo ng kahirapan at pagkagutom habang nakikinabang ang mga transnasyunal na negosyo ng mga mauunlad na bansa na nakabase sa mga mahihirap na bansa. Dahil din sa *retrenchment program*, nakatakda rin ang pagtatanggal ng mga empleyado sa isasapribadong ahensya.

Sa "*Agreement on Agriculture: Endangering Food Security*" (mula sa *Ibon Facts and Figures Special Release* Bolyum 24, Bilang 16 ng *Ibon Foundation* na lumabas noong Agosto 15, 2000), sinuri nito ang *Agreement on Agriculture* at iba pang probisyon ng WTO na may kinalaman sa agrikultura bilang may masamang epekto lalo na sa mahihirap na bansa at kumakawawa lalo na sa mga magsasaka. Ito ay dahil sa mg probisyong nakapaloob dito kabilang ang pagbabawas ng suporta ng pamahalaan sa mga lokal na prodyuser at nag-eeksport at sa

pagbabawas ng *border protection*. Lumalabas na sumusunod ang mga mahihirap na bansa sa probisyon subalit ang mga ganid na nasa mauunlad na bansa ay nakagagawa pa rin ng mga palusot na pamamaraan upang magkaroon pa rin ng mga kahandaang programa na maaring magprotekta sa kani-kanilang kalakal upang suportahan ang kanilang naglalakihang korporasyon. Ang mga nasabing korporasyon ay siya namang tumatalo at pumapatay sa sa mga maliliit na sakahan ng mga mahihirap na bansa dahil sa kawalan nila ng kakayahan upang sabayan ang kakayahan ng mga ito. Nakakaalarma ang pagsasaprayoridad ng AoA sa sa pangangalakal kaysa sa seguridad sa pagkain, pagkagutom, pagpapaunlad ng ekonomiya ng mga nasa rural na pook, preserbasyon ng kalikasan at likas na yaman, at kaligtasan sa pagkain. Ang TRIPS at nagbibigay ng kapangyarihan sa mga transnasyunal na kompanya upang magsagawa ng patenting sa mga aning produkto (usapin ng *Genetically Modified Organisms*) na nakasisira sa tradisyunal na pagsasaka at pag-unti sa bilang ng mga magsasaka.

Sa "*Impact of GATT-UR on Food Security in the Philippines Case Study: Philippine Sugar Farm Sector*" ni Antonio Tujan Jr (mula sa *Institute of Political Economy Journals* Bilang 24 noong Hulyo 1999 ng *Philippine Institute of Development Studies*), tinalakay nito ang hakbanging naipatupad nina Marcos, Ramos At Estrada na lalong nagpaigting sa kolonyal na oryentasyon natin sa pangangalakal na kinakikitaan na *export oriented at import dependent* na kalagayan natin. Ang programang istruktural ni Marcos na *Green Revolution of 1970* kung saan bahagi ang Masagana '99 ay nauwi sa kabiguan dahil sa salungat na kinalabasan ng hakbangan (ang *High Yield Varieties* ay mas lapitin ng insekto

o peste at sakitin, at nakadepende lamang sa mga sakahang sagana sa tubig at may modernong teknolohiya na hindi kayang tustusan at balikatin ng karaniwang magsasaka). Sumunod ang *Philippines 2000* ni Ramos na tumatangkilik sa mga *High Valued Crops* at pagpapalit ng mga gamit ng mga lupang sakahan (naging komersyal at industriyal). Sa pag-iimplementa ng pribatisasyon, ang mga malalaking bodega ng NFA at ang iba pang kagamitan nito sa pag-aani ay pinaupa sa mga komersyante na ang monopolyo sa kalakal ng palay ay inisyal na trabaho ng ahensya na supilin at sugpuin. Dahil sa pagpapasinaya ni Estrada sa *Executive Order No. 87* na tumatangkilik sa pag-angkat natin ng murang bigas, lalo na ang naging paglala na suliranin.

Ang industriya ng asukal ay isa sa mga pinakapopular na naapektuhan ng mga probisyon dahil sa kakulangan ng kapital, kakulangan ng suporta mula sa gobyerno, kakulangan ng mga makabagong makinarya at pasilidad na kinakailangan upang mapabuti ang produksyon. Ang unti-unting pagliit ng ating bahagdan sa produksyon any isang manifestasyon ng inseguridad ng bansa sa pagkain.

Ayon sa *"Foreign Investment in Philippine Agriculture"* ni Maria Angela Cristina G. Garcia (mula sa *Journal of Philippine Development*, Numero 20, Bolyum 2, Bilang 2 na lumabas noong 1984), kapansin-pansin ang direkta at hindi direktang panghihimasok ng mga dayuhang mamumuhunan sa sektor agrikultura ng Pilipinas. Bukod pa sa katotohahan na sa ilalim ng *Agricultural Investments Incentives Act (Presidential Decree No. 1159)*, marami pa sa inaasahan ang mga lumitaw karapatan at garantiya na patungkol sa mga dayuhan (kabilang ang

eksempsiyon nila sa buwis, insentiba sa eksport, pagpayag sa pagpapahiram ng kapital sa mga intitusyong pinansyal ng gobyerno. Kabilang sa mga industriya natin na may partisipasyon ang mga dayuhan ay ang: sagingan, pinyahan, abaca, niyugan, at asukal.

Sa *"Philippine Agriculture: The Difficult Path to Recovery"* ni Cristine C. David (mula sa *Philippine Economic Journal* Numero 72, Bolyum 31 Bilang 1 at 2 na lumabas noong 1992), tinalakay nito ang sanhi sa hindi paglago ng sektor agrikultura sa kabila ng mga hakbangin na isinagawa ng pamahalaang Aquino. Dahil sa pagbaba ng presyo ng mga produkto sa internasyunal na merkado, at pagbaba ng produksyon natin sa niyog at asukal (mga tradisyunal na *export crop* ng bansa), naapektuhan ang paglago ng sektor. Dahil din sa walang pinagbago ng mga polisiya sa pagprotektang na ating industriya at sistema ng palitan ng salapi, mababang gastusin sa agrikultura kung pagbabasehan ang itinakdang istandard na pondo sa Asya, mahinang suporta sa agrikultural na pananaliksik, walang pag-unlad sa larangan ng transportasyon at inprastruktura sa merkado sa mga pook rural dahil nakatuon ito sa pook urban, at mabagal na pag-implimenta sa reporma sa lupa, nananatiling hindi makaahon ang sektor agrikultura mula sa kinalulugmukan.

Sinasabi sa *"Sustaining the Rice Industry: Impact of the Peso Devaluation on the Profitability and Global Competitiveness of the Rice Sector"* ni LA Gonzales (mula sa *Philrice Technical Bulletin* Bolyum 5 Bilang 2 na lumabas noong Disyembre 2000 ng *Philippine Research Institute*), na ang sektor ng palay ay mahina sa pagsanggalang sa sarili laban sa mga problema sa ekonomiya na

kinabibilangan ng pagbagsak ng piso laban sa dolyar. Hindi kaya ng sektor na sustenahan ang sarili dahil sa hindi epektibong programa ukol sa pananaliksik sa ikauunlad ng sektor, hindi sapat na inprastruktura at puhunan upang mapaigi ang produksyon, distribusyon, pagbebenta ng palay at pagpapantay sa presyo ng bentahan at polisiya ng taripa. Dahil dito, ang may-akda ay nagrekomenda ng mga hakbangin upang masuportahan at maging masigla ang sektor. Kabilang ang polisiya sa teknolohiya (epektibong pananaliksik ukol sa pagpapaunlad ng produksyon ng palay), polisiya sa inprastruktura (karagdagang pondo na ilalaan sa irigasyon, mga kalsadang nagkokonekta sa mga sakahan hanggang sa merkado, at imbakan ng ani), makatarungang polisiya sa taripa at presyo, pagpapatatag ng institusyon at epektibong pamamahala (kailangan ng epektibong programa na may tunay na benepisiaryo at nagsusulong sa interes ng mga manggagawa at magsasakang sektor at masusi at masigasig na pamamalakad sa panahon bago at matapos isagawa ang proyekto).

VIII. Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral

Saklaw nito ang kalagayan ng sektor agrikultura sa kabuuan bago at ngayong may inisyal na probisyong halaw sa hakbang sa pagsasapribado ng NFA. Matatalakay ang mga probisyon ng AFMA, AoA, TRIMS at TRIPS kung saan negatibo ang nagiging epekto nito sa sektor.

Gayundin, susuriin din ang mga naging mga gawain ng ahensya bago at matapos lumabas ang mga probisyon kung saan matunog ang usaping isasapribado na ito. Bibigyan din ng pansin ang mga manggagawang nakatalaga sa

ahensya kung anu-ano ang kanilang magiging kahihinatnan kung sakaling maisasapribado nga ang NFA. Ang pagsasapribado sa ahensya ay isinasagawa ng paunti-unti. Dahan-dahang tinatanggal ng gobyerno ang kanyang mga mayoryang gawain, na ang isang halimbawa ay ang nakatakdaang paglimita sa kanyang *trading at marketing function* at ang unti-unting pagbabawas nito ng empleyado simula nang itakda ang reorganisasyon ng ahensya noong 1986. Hindi biru-biro ang kinakaharap nila dahil ang kanilang mga trabaho ang nasa panganib na mawala sa kanila. Kukunin din ang kanilang mga hinaing o maaring pagtingin ukol sa isyu ng pribatisasyon.

IX. Kahalagahan ng Pag-aaral

Ninana is ng mag-aaral na sa pamamagitan nito, mailantad ang katotohanan na ang hakbangin patungo sa pagsasapribado sa NFA ay isang maling hakbang sa panig ng gobyerno dahil sa mga negatibong implikasyon na maaring idulot nito sa mga manggagawa mismo ng NFA at sa kabuuan ng sektor agrikultura. Ang papel na ito ay naglalayong kalampagin ang gobyerno na bitawan na ang pagsuporta sa GATT-UR lalung-lalo na sa mga probisyon nito sa agrikultura sapagkat ang mga mauunlad na bansa lamang ang mga nakikinabang sa mga nasabing programa.

KABANATA II

ISYU: PRIBATISASYON

Sa pananaw ng mga nanunungkulan sa mga nakaraang rehime (Aquino) hanggang sa kasalukuyan, kasama na sa mga pang-ekonomiyang polisiya na kanilang ipinatutupad ay ang pagyakap sa kaunlarang polisiya na isinasapraktika ng mga mayayamang bansa isa na rito ang globalisasyon (kung saan nakapaloob ang deregulasyon, liberalisasyon at pribatisasyon). Subalit, kaunlarang nga bang matatawag ang hatid sa atin ng pagsunod sa polisiyang ito? Ating suriin ang isa sa mga components ng globalisasyon- ang pribatisasyon.

Ang pribatisasyon ay isang polisiya ng gobyerno na naglilipat sa mga assets, ahensiya at responsibilidad ng pamahalaan sa mga kamay at kontrol ng pribadong sektor. Ito ay pagbebenta ng mga assets kagaya ng real estate, inprastruktura, pasilidad at iba pang pinagkukunang yaman. Gayundin sa pamamagitan ng abolisyon, *built-operate-transfer* (BOT), ang pagsasama-sama ng mga ahensiya, binibigyan ng pamahalaan ng oportunidad ang mga pribadong negosyo na magkamal ng tubo.

Kabutihan bang masasabi kung ang kakulangan o kawalan ng pampublikong serbisyo ay lalong nagpapalala sa kalagayan ng ating mga kababayan? Kabutihan ba itong maituturing kung ito ay nakakadagdag sa pang-araw-araw na kaaba-abang nararanasan ng mga Pilipino na kulang na kulang na nga ang sinasahod, nagkakaroon pa ng karagdagang bahagdan sa *unemployment*

at *underemployment* na dulot ng malawakang tanggalian sa mga institusyong isasapribado..

Walang mabuting idudulot ang pribatisasyon sa interes ng mayorya dahil sa ang polisiyang idinidikta ng mga ganid na kapitalista at dayuhang mananalapi (*International Monetary Fund- World Bank/ Asian Development Bank*) ay nagsusulong lamang ng kanilang pansariling interes sa pakikiisa ng lokal nating burukrata kapitalista at lokal na monopolista.

Sinasabing ang *Presidential Decree* 2029 at 2030 na nilagdaan ni Ferdinand Marcos ang siyang nagbigay daan sa “legal” na pagpapatupad ng pribatisasyon sa bansa. Ang krisis pang-ekonomiya na kinaharap ng bansa noong 1983 at paglobo ng ating utang panlabas na nagkakahalaga noon ng P 28 bilyon, walang panimilian ang rehime kung hindi ang sumang-ayon sa ganitong iskema na siyang pangunahing kondisyong ipinataw ng IMF-WB upang makabawi tayo sa pagkakalugmok. Ipinatupad ang pribatisasyon pag-upo ni Corazon Aquino sa ilalim ng *Proclamation No. 50* na kinapalooban ng *Asset Privatization Trust* (APT) at *Commission on Privatization* (COP) bilang pagsunod sa *Structural Adjustment Program* (SAP) na kondisyon ng mga dayuhang bangkong nagpapautang. Ipinagpatuloy ang pagpapatupad sa programa ng pribatisasyon sa panunungkulan ni Fidel Ramos sa kanyang *Medium Term Philippine Development Plan* o mas kilala bilang *Philippines 2000* na kumukunsinti sa tatlong salot na polisiya ng deregulasyon, liberalisasyon at pribatisasyon kung saan binibigyan ng buong kapangyarihan at karapatan ang mga bagong may-ari upang tanggalin o tanggapin ang mga empleyado ng naisapribadong mga

ahensiya. Bukod pa rito, binawasan din ng pamahalaan ang subsidiya sa mga institusyong nagtataguyod ng pampublikong serbisyo.

Ang administrasyon ni Ramos ay responsable rin sa pagpapasa ng mga batas na pumapabor sa mga dayuhang kapitalista habang pinapatay naman ang ating mga lokal na industriya lalo na ang agrikultura na kinabibilangan ng RA 8178 o *Agricultural Tariffication Act* (ipinatanggal ang restriksiyon sa importasyon ng pagkain na kinabibilangan ng sibuyas, bigas, bawang at patatas na itinatanim din naman dito sa atin. Ang RA 8180 o *Downstream Oil Deregulation Act* na pumapayag sa ibang pang dambuhalang mamumuhunan sa pagbebenta ng langis at binibigyan din sila ng kapangyarihang kontrolin ang presyo nito sapagkat may monopolyong nangyayari sa produksyon nito, at iba pang mga batas na may hindi makatarungang kinalalabasan at lubhang nakakasama sa mga ordinaryong mamamayan. Kung gayon, masasabi natin na ang pribatisasyon ay isa sa mga sugo upang lalo pang pagtibayin ang pagsasamantala ng mga imperyalista sa bansa. Ang mga ahensiyang kumakaharap sa pribatisasyon ay yaong may kinalaman sa *social services* kagaya ng tubig, elektrisidad, edukasyon, kalusugan, pabahay, transportasyon at komunikasyon, at maging ang bigas na pangunahing pagkain natin- ay nagbubukas ng oportunidad sa mga dayuhan at lokal na monopolyo ng malawak na merkado. Bakit nga ba naman hindi? Ang pagtatambak ng mga dayuhang produkto rito ay may malaking kita, at ang paghawak sa mga ahensiyang nakasentro sa serbisyo ay isang uri ng monopolyo kung saan hindi makakatangi ang mga mamamayan sa maaari nilang pagtaas ng presyo. Kung walang pambayad, walang serbisyong matatamo. Dahil sa

komersalisasyon ng ating mga basikong serbisyo, ang pagkamit rito ay isa nang pribilehiyo at hindi na isang karapatan.

Dahil sa kontrol at dominasyon ng mga mauunlad na bansa na nakapenetrata na sa ating ekonomiya, nagagawa nilang baratin ang mga sinasahod ng mga manggagawa sa mahihirap na bansa. Dito sa atin, mababa na nga ang sahod, mas lalo pa itong pinalala dahil sa sabayan at maramihang tanggalan ng mga empleyado at panghahalili sa mga *contractual* na manggagawa. Walang benepisyonang makukuha, at walang kasiguruhan ang hanap-buhay, ito ang kinauuwian ng ating mga empleyado. Ang bunga ng malakihang pagrereorganisa ng burukrata ay nauwi sa *mass-lay-off* ng mga empleyado ng gobyerno na dumagdag sa mahigit nang 323,000 katao na natanggal sa serbisyo noong kapanahunan ni Ramos. Ang nasabing tanggalan ay lumalabag sa *security of tenure* ng mga empleyado. Bukod pa rito, hindi makatarungan ang *terms of employment* na nasa ilalim ng mga bagong may-ari ng mga kompanya. Upang mapanatili ang minimum na sahod ng mga manggagawa, pinagbabawal ang pagtatatag ng mga unyon sa mga pagawaan, at kasama na rin dito ang pagtanggap nila ng mga *contractual, casual, piece-meal* at *seasonal* na manggagawa.¹

Ang Kasaysayan ng Korporasyon

Ang *National Food Authority* ay binuo mula sa *Presidential Decree No. 4* noong ika-dalawampu't anim ng Setyembre 1972 sa pangalang *National Grains Authority*. Ito ay naitatag sa layuning pagyamanin ang pagpapaunlad ng industriya

¹ "Analysis on Privatization", Confederation for Unity Recognition and Advancement of Government Employees/<http://www.courage.skyinet.net>

ng butil kung saan kabilang ang bigas, mais, *feedgrains* at iba pang butil kagaya ng *sorghum*, mongo at mani. Dahil sa nasabing *decree*, dalawang ahensya ang natanggal: ang *Rice and Corn Board* (RICOB) at *Rice and Corn Administration*.

Noong ika-labing-apat ng Enero, 1981, ipinalabas ang *Presidential Decree* 1770 na nagpabago sa pangalan ng ahensya at siyang kinikilala ngayon bilang *National Food Authority*. Pinalawak ng *decree* ang pinamamahalaan ng ahensya. Nadagdag sa responsibilidad nito ang pagpapaunlad din sa larangan ng *non-grains commodities* (na kinatatampukan ng *food items* na sariwa, namanupaktura, naproseso o nakapakete).

Nagsimula ang hakbangin sa pagsasapribado sa sektor noong ika-tatlumpu't isa ng Mayo, 1985 sa ilalim ng *Executive Order No.1028* na nag-uutos sa pagdederegula sa pamamahala sa produksyon ng pagkain. Nagresulta ito sa terminasyon ng *non-grains trading activities* at pagbabalik ng *feedgrains* at importasyon ng trigo sa kamay ng pribadong sektor gayundin ang kakayanan nito sa pagkontrol ng presyo/ *price ceiling* sa palay.

Inihiwalay ng kagawaran mula sa opisina ng Presidente sa ilalim ng *Executive Order No. 116* noong ika-tatlumpu ng Enero, 1987 sa Kagawaran ng Agrikultura bilang tugon ng pamahalaan sa pagbago ng mga polisiya na nagbibigay daan sa partisipasyon ng pribadong sektor sa pagpapatatag ng isang malaya at may ekonomiyang *market-oriented* at *trend* tungo sa liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon.

Sa ilalim ng *Republic Act No. 8178* na kilala bilang *Agricultural Tariffication Act*, pinasinayaan itong batas noong ika-dalawampu't pito ng Marso, 1996 na

nagtaas ng kuwantitatibong restriksyon sa pag-aangkat natin ng mais mula sa ibang bansa at nagtatakda sa solong kapangyarihan ng ahensya na mag-aangkat ng palay habang pinanunumbalik ang prerogativo upang makapaglaan ng *import quotas* ng palay sa mga local na nag-aangkat kung magkaroon ng kakulangan sa produksyon.

Noong ika-labingtatlo ng Hulyo, 1998 sa ilalim ng *Executive Order No. 2*, inilipat muli ang NFA sa pamamahala ng Opisina ng Presidente. Binigyan din ng *Executive Order No. 22* noong ika-siyam ng Setyembre 1999 ng kapangyarihan ang NFA upang mamagitan sa istabilisasyon ng presyo at suplay ng mga pangunahing pagkain.

Sa kasalukuyan, ang NFA ay may *regulatory powers* sa industriya ng butil, gayundin ang pagpapatupad ng programa ng gobyerno ukol sa seguridad ng pagkain. Paminsan-minsan naatasan ito sa pagbabahagi ng mga partikular na produkto kagaya ng asukal.

Sa nakaraang limang taon, dahil sa inisyatiba ng pamahalaan ukol sa globalisasyon at bahagi ng pagpigil sa lumalaki nating utang panlabas at bilang lunas sa kakulangan ng badyet, malaki ang posibilidad ng pagsasapribado sa NFA.²

Ang Reorganisasyon ng NFA

Ang unang palo ng reorganisasyon sa NFA ay nagsimula pa noong ikatlong kwarto ng taong 1986. Ito ay naitaon sa pagpapalabas ng *special office order* ni dating administrador ng NFA na si Emil Ong na naglalaman ng mga ng mga

² NFA Official website/<http://www.nfa.gov.ph/nfa8.html>

listahan ng posisyon at mga manggagawang mananatili sa ahensiya. Ito ay sinamahan ng kautusan na ang mga pangalan na wala sa listahan ay awtomatikong tanggal na sa trabaho.³

Hindi nag-aksaya ng panahon ang mga manggagawa. Sa pagkakaisa ng mga samahan ng manggagawa (*National Food Authority Employees Alliance*), ipinarating nila ang kanilang mahigpit na pagtutol sa ginawang hakbangin ng mga namamahala. Nagsimula ito sa mga isinagawang *noise barrage* tuwing *lunch breaks* at nauwi sa pagmamartsa patungong *Quezon City Hall* kasama ng iba pang manggagawa ng gobyerno sa pagsasagawa ng “komemorasyon” sa kamatayan ng karapatan sibil na serbisyo. Ang mga isinagawang protesta ay nagbunga rin kahit papaano- umabot ito sa puntong ang pag-iimplementa ng reorganisasyon ay nalimitahan lamang sa mga manggagawang casual at mga empleyadong kusang loob na magbitiw sa serbisyo.

Subalit sa masusing pagsusuri, hindi lamang simpleng pang-ekonomiyang dahilan ang nasa likod ng reorganisasyon sa ahensiya. Ang nasabing hakbangin ay isang inisyatiba ng rehimen ni Ferdinand Marcos kung saan noong Mayo ng taong 1984, sumang-ayon ito sa mag-angkat ng 191,300 metrikong toneladang bigas at mais galing sa Estados Unidos. Nakapailalim ang kasunduan sa PL 480 (isang *food aid program* ng *United States Agency for International Development* o USAID). Kaakibat ng kasunduan, may mga kondisyong nakapaloob ditto na sa kalaunang ay nagsilbing *death bed* para sa NFA. Kabilang sa mga ito ang mga sumusunod:

³ Nenita Barranco & Susan Amor Palafox, ed. Privatization & Its Impact on Labor Relations in the Philippines. UP School Of Labor Relations. Quezon City, 1988.

1. Pagpapaubaya sa *wheat at flour trading* sa kamay ng pribadong sektor
2. Pagkontrol sa kontrol sa presyo ng bigas at mais.
3. Terminasyon sa lahat ng *non-grain activities* at operasyon ng ahensiya, kasama na ang KADIWA.

Dahil sa mga nasabing imposisyon, walang ibang alternatibo ang pamahalaan kung hindi ang reorganisasyon ng NFA. Ito ay nagresulta sa *Executive Order* 1085 ni Marcos. Subalit ang planong reorganisasyon ay nangyari lamang matapos ang pagbagsak ng pamunuan ni Marcos dahil sa kinakailangang magbawas ng *manpower* dahil sa unti-unting pagliit ng kita ng ahensiya na nangyari matapos ang pagbibitiw ng ahensiya sa pamamahala sa *wheat at flour trading*.

Panibagong bugso ng reorganisasyon ang nangyari noong Mayo ng taong 1988, isang *presidential memorandum* ang nag-apruba sa regularisasyon ng labingtatlong ahensiya o korporasyon ng gobyerno kung saan kabilang ang NFA. Ang nasabing regularisasyon ay nagreresulta sa konbersyon at integrasyon ng mga korporasyon sa isang *line-unit, staff bureau* at iba pa o isang *non-corporate entity* na nakapaloob sa isang kagawaran ng pamahalaan. Sa kasalukuyang sistema, ang NFA ay maaaring maging isang *bureau* kung magpapasa ng batas ang kongreso sa nasabing *presidential directive*.

Habang umiinit ang kampanya ng *corporate retention*, isang misteryosong paglubog ng dalawang *barge* na naglalaman ng bigas at nagkakahalaga ng P17 milyon ang gumulantang sa madla at lalong nagpalala sa *organizational crisis* na kinakaharap ng ahensiya. Itinampok ng midya ang hindi lamang ang mga namamahala kung hindi ang buong organisasyon bilang pinakakurakot sa lahat ng

ahensiya. Dahilan ito upang muling magkaisa ang mga empleyado para sa isang kampanya na kinapapalooban ng dalawang dambuhalang isyu: *corporate retention* at eradikasyon ng *graft and corruption*. Hindi lamang nalimitahan ang kanilang pakikibaka sa pang-ekonomiya o pangkabuhatanag usapin kung hindi, upang mapanatili rin ang kredibilidad ng organisasyon. Ang administrador na inakusahan nila ng katiwalian ay agad namang napalitan dahil dito.

Subalit, hindi pa rito natatapos ang pakikibaka ng mga empleyado, hanggang sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang isyu ng pribatisasyon at ang totooang isyu sa NFA ay hindi ang pigilan ang pribatisasyon o reorganisasyon kung hindi ang tamang oras kung kailan ito ipapatupad, sa malaon at madali, isa lamang ang ibig sabihin nito, sa hinaharap, ang pribatisasyon ng ahensiya ay titiyaking mangyayari ng pamahalaan.

Ang NFA: Administrasyon ni Estrada

Hindi malinaw ang posisyon ni Joseph Ejercito Estrada ukol sa isyu ng pribatisasyon sa NFA sa kadahilanang ang kanyang mga miyembro ng gabinete ay nagkaroon ng pagtatalo ukol dito. Sa kaniyang panunungkulan, nagkaroon ng debate sa Malacanang ukol sa kung kailan dapat maipatupad ang pagrere-organisa sa ahensiya (hindi ang tuluyang pagbitaw sa pananagutan nating kondisyon dahil sa mga pagkakautang). Pinamunuan ni Kalihim Edgardo Angara ng Kagawaran ng Agrikultura ang mga sumasang-ayon sa pribatisasyon sa NFA sa pagnanais nitong magkaroon ng agarang reporma sa sektor ng butil, isang pangunahing kondisyong para sa pag-aaprubang \$175 milyon *Grains Development loan* mula

sa *Asian Development Bank*. Sa kabilang panig ay, nais ni NFA Administrator Eduardo Joson ang mas malaking kasiguruhan para sa mga lokal na magsasaka na maapektuhan ng *global trade liberalization*. Subalit maging siya ay nagsabing ang pribatisasyon ng NFA ay maaaring mangyari sa taong 2010. Ayon kina Angara, Felife Medalla ng NEDA, Kalihim ng Badyet Benjamin Diokno at *Executive Secretary* Ronaldo Zamora, kailangan ang agarang pagsasapribado sa NFA dahil sa mga kondisyong ibinigay ng ADB para sa *Grain Sector Development Program*. Nagbabala din si Angara ukol sa nanganganib ng *pending loans* na nagkakahalaga ng \$170 milyon kapag hindi tayo tumupad sa kondisyong ipinataw ng ADB-GSDP. Para sa kanila, ang pagpapadali sa pagpapatupad ng pribatisasyon ay lohikal at naaayon sa hinihingi ng pagkakataon upang matugunan ang P65 bilyon na kakulangan ng bansa sa badyet noong taong 2000. Ang pribatisasyon ng NFA ay nagsisilbi ding isang representasyon ng hindi natupad na pananagutan sa *International Monetary Fund* at ito ang binigyang diin sa *memorandum* ni Angara upang ipaalala sa Pangulo kung saan nakatayo ang polisiya ng gobyerno at ang kanyang *multilateral creditors*.⁴

Si Estrada ang responsable sa pagpapatupad ng *Executive Order No. 2* na naging dahilan ng paglilipat ng ahensiya mula sa Kagawaran ng Agrikultura tungo sa tanggapan ng Pangulo, na nagbigay sa kanya ng kapangyarihang magdesisyon ukol sa mga usapin na nakakaapekto sa suplay ng bigas, importasyon at pagprepresyo ng mga produkto.

⁴ Mike Ac-ac, "The Politics of NFA Privatization", *Ibon Features*, Vol. VI, No. 9, Ibon Foundation Inc., 2000.

Ang NFA: Administrasyon ni GMA

Noong 2001, inaprubahan ni Pangulong Gloria Macapagal Arroyo ang pagbili ng 450,000 ng metriko toneladang inangkat na bigas sa pamamagitan ng NFA. Ang desisyon na ito ng pangulo ay nagpapatibay ng kanyang pag-ayon sa polisiya ng globalisasyon na nakakasama naman sa panig ng mga lokal na magsasaka at sektor agrikultura sa kabuuan.

Sinabi ni Antonio Tujan, *Ibon Research Foundation Director* na ipinapapatuloy lamang ni Arroyo ang polisiya ni Estrada na unti-unting gawin ang NFA bilang kasabwat sa importasyon ng bigas, imbis na hasain ang ahensiya bilang legal na ahensiyang sumusuporta sa mga lokal na magsasaka.

Bukod pa sa 450,000 metriko toneladang na aangat mula sa Vietnam, China at Thailand, aangat din ang bansa ng 104,000 metriko toneladang bigas mula sa Estados Unidos bilang bahagi ng *US Public Law No. 480* (PL 480). Pero, pinasubalian ng Ibon na ang PL 480 ay isang iskemang importasyon ng US na nagkukunwaring “*soft loans*” sa mga mahihirap na bansa. Sa kabuuan, 554,000 metriko tonelada ang angkat na bigas, sa kabilang dako, wala pang limang porsiyento ng kabuuan ng domestikong produksyon ang direktang binibili ng ahensiya mula sa mga lokal na magsasaka. Ang gobyerno ay nag-*import* ng bigas sa pamamagitan ng NFA upang mapanatili ang taunang pangangailangan sa bigas ng ating bansa, at bilang bahagi ng ating *minimum access volume* o MAV na pananagutan sa *World Trade Organization*. Sa katunayan, noong 1999, ang NFA ay nag-*overimport* ng 41,000 metriko toneladang bigas kahit na ang domestikong ani ay 11.80 milyong metriko tonelada. Imbes na bigyan ng pansin ang mga

pangunahing problema ng mga magsasaka katulad ng kakulangan ng mga *post-harvest facilities, farm-support programs* at ng pagtanggap ng mga programang agraryong hindi naman nagsusulong sa interes ng mga magsasaka, higit na pinaigting ng Malacanang ang pagdepende natin sa mga *imports*.⁵

Noong taong 2000, ang NFA ay nag-angkat ng 660,000 metriko toneladang bigas. Noong 1999, inaprubahan nito ang importasyon ng 800,000 metriko tonelada ng bigas na nagresulta sa labis na suplay at ang pagbaba ng presyo ng mga lokal na produktong palay. Mula 1996 hanggang 1998, ang mga inangkat na bigas ay bumubuo ng 95 bahagdan ng kabuuang tomo ng bigas na ipinamahagi ng NFA sa buong bansa.

Sa taong 2004, magsisimula ang bansa sa proseso ng tuluyang pagliliberalisa sa pag-angkat ng bigas upang matugunan ang pananagutan nito sa *Uruguay Round* ng GATT. Sa panahong ito, ang mga pribadong komersyante, lokal o banyaga ay magkakaroon ng malayang pag-aangkat ng mga pangunahing butil sa kahit na ilang tomo, na magdudulot ng mataas na kompetiyon kung saan ang NFA ay imposibleng mamagitan dahil sa kakulangan o limitadong mapagkukunang yaman.

Kasalukuyan

Ang reorganisasyon sa ahensiya ay pagpapatupad sa kondisyong ipinataw ng *Asian Development Bank* sa pagpapautang nito ng \$ 175 milyon sa ilalim ng *Grains Sector Development Program* (GSDP) bilang kinatawan o mamamahala

⁵ _____. "GMA's Pro-globalization Bias Confirmed: Arroyo Turns NFA Into Rice Importing Conduit", *Ibon Features (News Releases)*, Ibon Foundation Inc., 2001

sa reorganisasyon ng NFA. Ang esensiya ng reorganisasyon ay hakbangin tungo pribatisasyon. Sa ahensiya, nagreresulta ito sa pagbebenta ng mga *post-harvest facilities* (kagaya ng mga *warehouses, rice mills, mill polishers, stock convenors, seed cleaners, mechanical dryers, truck scales, dehullers* at iba pa) sa panig ng pribadong sektor at iba pang komersyante. Magsisilbi na lamang *isang monitoring agency* ang institusyon, wala itong laban sa *rice cartel* na siyang magkokontrol sa merkado at distribusyon ng mga pangunahing pagkain sa bansa at magbabanta sa kabuhayan ng may mahigit 3.5 milyong magsasaka na nakadepende ang pamumuhay sa pagtatanim ng butil dahil na rin sa maluwag na pagpasok sa bansa ng mga produktong (mais at bigas) nanggagaling sa ibang bansa. Dahil ang pribadong sektor naman ang magdidikta sa mga produktong agrikultural na lumalabas sa merkado, nagiging disinsentibo sa panig ng mga magsasaka ang magtanim dahil walang kasiguruhan o wala silang laban sa mga *imports* na di hamak na mas mura at mas tatangkilikin ng mga mamimili. Pahirap din ito sa mga konsyumer sapagkat wala silang magawa sa pagtataas ng presyo ng mga bilingin. Sa kalaunan, makokompromiso pati ang seguridad sa pagkain ng buong bansa. Nagreresulta ito sa pagkawala pati ng ating pambansang soberanya.

Sa kabila nito, ang pamahalaan ay interesado lamang sa kasalukuyang pangangailangan ng bansa na matutugunan ng nasabing mga *loans* at hindi isinaalang-alang ang kakaharapin ng bansa. Sa katotohanan, ang nasabing *loan* ay makakadagdag lamang sa gabundok na nating utang panlabas na patuloy na lumulubo at pagmamanipla ng mga *foreign multilateral institutions* sa larangan ng pamamalakad natin sa ekonomiya. Sa kabila ng mga nabanggit na disinsentibo

sa pagpapatupad ng nasabing polisiya, nananatiling bingi ang pamahalaan sa karainan ng nagkakaisang sektor ng mga manggagawa ng pamahalaan at magsasaka sa lahat ng panig ng bansa.

Ang reorganisasyon ng NFA ay nalalapit sa kamakajlang pagkaaprubang isang bill na naglalayong gawing dalawang magkahiwalay na institusyon ang ahensiya (*decoupling*). Ang *Committee on Government Enterprises and Privatization*, *Committee on Agriculture Food and Fisheries* at *Committee on Government Reorganization* ay sama-samang nag-apruba sa alternatibong *bill* sa *House Bills* 1763, 4698 at 5636. Ang mga naturang bills ay mula kina Kinatawan Antonio Eduardo Nachura (Pangalawang Distrito, Kanlurang Samar), Junie Cua ng Quirino, at Jose Carlos Lacson (Pangatlong Distrito, Negros Occidental). Ang tatlong komite ay pinamumunuan nina Kinatawan Francis Nepomuceno (Unang Distrito, Pampanga), Alfredo Maranon Jr. (Ikalawang Distrito, Negros Occidental) at Victor Sumulong (Antipolo City).

Ang Bill ay makikilala bilang *National Food Authority Reorganization Act of 2003*, ay nagsusulong ng pagbubuo ng isang *corporate body* ang *National Food Corporation* (NFC) at ang *Food Development and Regulatory Administration* (FDRA). Ang mga ito ay magiging kabahagi ng Kagawaran ng Agrikultura. Ang mga nasabing ahensiya ay magsisilbing kinatawan sa pagsusulong ng istabilisasyon ng suplay at presyo ng mga pangunahing pagkain at pagseseguro sa kapakanan ng mga magsasaka. Magiging responsable ang NFC sa pagmementena at pamamahala ng istrategikang reserba ng palay at ng *rice buffer stock* ng gobyerno sa buong taon at sa makatuwid, may karapatan sa pag-aangkat ng bigas.

Sa ilalim ng nasabing mungkahi ang NFC ay may karapatan ding sa direktahang kalakalan ng pagpapalitan, pagtitinda, pag-aangkat at pag-eeksport ng mga pangunahing produktong pagkain. Ang FDRA sa ibang banda, ag magpapatupad sa regulatory, siyentipiko at *development functions* para iangat ang halaga ng produkto ng mga magsasaka. Tinitingnan din nito ang indikasyon ng *supply* at *demand* ng mga butil at magtayo ng mekanismo upang mapatatag ang presyo sa pamamagitan ng mabisang pamamahala ng *stock* at polisiya ng pagpapalitan. Ang bill na naaprubahan ay nagmumungkahi rin ng pagbubuo ng isang multisektoral na *Food Development and Regulatory Administration Council* (FDRAC) na siyang gagawa at gagabay sa implementasyon ng mga polisiya ng FDRA.⁶

Naging positibo ang pagtanggap ng mga namamahala sa ahensiya, sa katunayan, sa katauhan ni *NFA Deputy Administrator* Gregorio Tan, sinabi niya ng ang *technical working group* (TWG) na naatasang pag-aralan ang mungkahi, ay nalaman na ang iminungkahing sistema ay mas mabisa kaysa sa kasalukuyang pamamahala sa aspetong operasyunal at pinansiyal. Sa aspetong operasyunal, sinabi ni Tan na ang iminungkahing sistema ay patuloy na babantayan ang kapakanan ng mga magsasaka at ng mga mamimili at ipasigurado ang katatagan ng presyo at suplay ng bigas. Gayundin, sinabi niya rin na ang NFC at FDRA ay magpapatuloy sa pagpapanatili ng *rice buffer stock* sa buong taon. Nagbigay din ng mungkahi ng sapat na proteksiyon at benepisyo sa mga manggagawa ng NFA.

Subalit, iba ang sinasabi ng mga manggagawa ng ahensiya, ito ay taliwas sa paningin ng mga namamahala sa institusyon. Ang kanikanilang reaksiyon ukol sa

⁶ "The Reorganization of NFA"/http://www.gov.congress.ph/committees/commnews_det.php

isyu ay higit na marereplika sa kanilang katugunan sa sarbey na isinagawa ng mag-aaral. Ito ay makikita sa susunod na kabanata.

Kabanata III

PAG-AANALISA SA MGA NAKALAP NA DATOS

Ang Bumubuo sa Organisasyon:

Ang Pambansang pangasiwaan ng pagkain ay may *Authorized Personnel Complement* (APC) ng 6,443 itemya. Sa mga APC na nabanggit, 5,665 lamang ang napunan, kung saan 4,591 katao ay nakatalaga sa labing-apat na tanggapanang rehiyunal at 87 katao sa tanggapanang probinsiyal. Ang mga natitira na bumubuo ng 1,063 katao ay nakakalat sa labing pitong departamento sa sentrong tanggapan ng ahensiya sa Quezon City. Sa mga kasalukuyang *personnel complement*, 5,663 katao ang regular at 21 katao naman ang *temporary*.

Survey

Sinagutan ng 60 manggagawa na mula sa iba't ibang tanggapan ng *National Food Authority* sa bansa (kabilang ditto ang NFA-Cavite, NFA-Bataan, NFA-Daet Camarines Norte, NFA-Santiago City Isabela, NFA-Binalonan, NFA-Nueva Ecija, NFA-Ilocos Norte, NFA-Iloilo, NFA-Iba Zambales, NFA-Catanduanes at NFA-Cental Office Quezon City) ang *survey*. Natanggap ang mga nasabing *survey* ng mag-aaral sa pamamagitan ng *fax machine*.

Klasipikasyon sa Trabaho

Klasipikasyon sa Trabaho	Bilang
Regular	60

Casual	0
Contractual	0
Kabuuan	60

Sa mga nabanggit na *respondents*, binubuo ng 100 bahagdan ang mga regular na manggagawa. Ayon sa kanila, kalimitang naapektuhan kung tanggalan ang pag-uusapan kung nagyayari ang reorganisasyon ay yaong mga *casual* na manggagawa, kung hindi naman kaya, boluntaryo silang nagbibitiw sa puwesto dahil pakiramdam nila sa kalaunan sila rin ang kakausapin ng namamahala para magbitiw, may *Early Retirement Program* din para sa mga may edad na na empleyado kung kaya't sila ang nahihikayat upang magbitiw sa serbisyo.

Edad

Edad	Bilang
25-30	8
31-35	1
36-40	3
41-45	12
46-50	22
51-55	10
56 pataas	4
Kabuuan	60

Binubuo ng 13 bahagdan ang mga may edad 25-30 gulang, 2 bahagdan naman ang nasa 31-35 taon, habang 5 bahagdan ang may gulang 36-40, 20 bahagdan ang mga nasa 41-45 taon, 36 bahagdan ang mga nasa 46-50 taon, 17 bahagdan ang mga nasa 51-55 gulang at 7 bahagdan ang mga may 56-60 taong gulang.

Buwanang Sahod

Sahod	Bilang
P 5,000- 10,000	13
P10,001- 15,000	15
P15,001- 20,000	31
P20,001- pataas	1
Kabuuan	60

Sa kabuwanang sahod, ang mga sumasahod ng P5,000 mula P10,000 ay nasa 22 bahagdan, samantalang ang mga sumasahod ng P10,001- 15, 000 ay nasa 25 bahagdan ang mga may kita ng P15,001- 20,000 ay nasa 51 bahagdan at ang mga kumikita ng P20,001 pataas ay nasa 2 bahagdan. Kabilang sa mga empleyadong sumagot sa *survey* ay mga *accounts analyst, Information Technology Officers, Supply Officers*, drayber ng *truck, Personal Information Officers, Cashier, Economist, Clerk, Warehouse Supervisor, Information Technology Officer, Assistant Provincial Manager, Grains Operation Officer at Assistant Division Chief*. Karamihan sa kanila ay mga pamilyado na.

Estado

Estado	Bilang
May Asawa	55
Single	5
Kabuuan	60

Mamamalas na 92 bahagdan sa kanila ang pamilyado na, samantalang 8 bahagdan naman ang wala pang asawa. Sa mga pamilyado na, ang mga *dependents* ay nasa isa hanggang walo katao.

Tagal sa Serbisyo

Tagal sa Serbisyo (Taon)	Bilang
1-5	6
6-10	5
11-15	3
16-20	6
21-25	24
25 pataas	16
Kabuuan	60

Binubuo ng 18 bahagdan ang mga manggagawang hindi nakaranas sa unang palo ng reorganisasyon sa manggagawa dahil sila ay may mahigit 1

hanggang 10 taon pa lamang sa serbisyo, ang mga nagtatrabaho na ng 11 hanggang 15 taon ay nasa 5 bahagdan, ang mga tumagal na ng 16 hanggang 20 taon ay nasa 10 bahagdan at ang mga nakatagal na ng 21 taon mahigit ay nasa 67 bahagdan. Kung susuriin, marami sa mga ito ang hindi na bago sa isyu sapagkat ang bilis ng takbo na kanilang pinagdaanan sa pakikipagdayalogo sa mga mamamahala ukol sa kanilang pagtutol sa mga *measures* na sinasagawa ng mga namumuno sa ahensiya at ng pamahalaan ay matagal-tagal na rin nilang pinaglalaman,

Reaksiyon sa Isyu ng Pribatisasyon

Reaksiyon	Bilang
Nangamba o Tutol	57
Walang Reaksiyon	3
Kabuuan	60

Ang 95 bahagdan ng mga respondente ay nagkakaisa sa pagpaparating ng kanilang pagtutol sa ginagawang reorganisasyon sa ahensiya, hindi lamang sila nangangamba na mawalan sila ng trabaho, o lalo pang bumaba ang kanilang sahod at iba pang maaaring ihinaing ng isang manggagawa, kung hindi nangangamba rin sila sa kapakanan ng mga magbubutil at magsasaka at sa kapakanan ng buong bansa kung seguridad ng pagkain ang pag-uusapan, Binubuo ng 5 bahagdan ang mga manggagawang walang reaksiyon ukol dito dahil sa katagalan na umano ng nasabing isyu.

Kung may pagkakaiba sa pamamalakad nang hindi pa narereorganisa ang ahensiya?

Reaksiyon	Bilang
Meron	50
Wala	10
Kabuuan	60

Sinasabi ng 83 bahagdan sa mga respondente na mayroong pagbabago sa pamamalakad noon at ngayon sa kadahilanang lumiit ang sakop ng responsibilidad ng kanyang mga nasasakupang merkado, pagbabago sa sahod programa at serbisyo, lalo pang bumaba ang badyet na inilalaan ng pamahalaan sa ahensiya. Samantala, 17 bahagdan ang nagsasabi na wala silang nakitang pagbabago noon at ngayon dahil kahit ngayon talamak pa rin daw naman ang korupsiyon sa ahensiya, ang mga bagong empleyado ay walang masasabi hinggil ditto sapagkat wala silang sapat na karanasan ukol dito.

Kung patuloy bang natatangap ang mga benepisyo?

Sagot	Bilang
Oo	49
Hindi	11
Kabuuan	60

Ayon sa may 82 bahagdan na manggagawa, patuloy pa rin nilang natatanggap ang kanikanilang mge benepisyo ayon naman sa 18 bahagdan, may mga partikular na benepisyo na hindi na nila natatanggap kabilang na dito ang : COLA, RATA, PERA, *Children's Allowance*, *Loyalty Allowance*, YEFA, CBCG, *Meal Allowance*, *Medical Allowance*. Gayunpaman, may idinagdag ang ilang respondente na ilang benepisyo na kanilang natatanggap, kabilang dito ang mga sumusunod: *Grocery Allowance*, *Risk Allowance*, *Sugar Allowance*, at *Fund Gift*.

Kung kuntento ba sa pamamalakad ng kasalukuyang namamahala?

Sagot	Bilang
Oo	21
Hindi	26
Walang reaksiyon	13
Kabuuan	60

Kuntento ang 35 bahagdan sa mga respondente sapagkat napataas ang kanyang posisyon nang nagkaroon ng reorganisasyon sa institusyon at bumuti ang mga kagamitan sa opisina, ang 43 bahagdan ay nagsasabi na hindi sila nakukuntento sa kasalukuyang pamamalakad sapagkat wala na raw saysay ang mga sinasabing layunin ng ahensiya, bagkus na makatulong sa mga magbubukid at magbubutit na lokal, mas lalo pa silang iniipit sapagkat hindi naman bumibili ang ahensiya ng palay mula sa kanila kung hindi sa mga *imports*, naging komplikado pa daw ang mga patakaran ng ahensiya ukol sa mga nangyaring

tanggalan at pagpapalit-palit ng posisyon, o pagrere-loka sa mga empleyado, umigting pang lalo ang korupsiyon, at mahigpit ang mamamahala sa pagbibigay ng benepisyo sa mga empleyado.

Nakabuti ba ang epekto ng Pribatisasyon sa kalagayan ng mga manggagawa?

Opinyon	Bilang
Nakabuti	3
Nakasama	57
Kabuuan	60

Para sa 95 bahagdan ng mga respondente, nakasama sa kanila ang dulot ng pagrereorganisa sa ahensiya sapagkat magkakaroon ng pagtaas ng bilingin na makakaapekto sa mga mamimili, sa mga magbubutil at magsasaka, mawawalan ng trabaho ang mga empleyado kung patuloy ang pagrereorganisa, dahil din sa monopolyo ng mga nasa pribadong sektor sa bilingin at merkado ng palay at iba pang butil at produktong agrikultura, ang seguridad sa pagkain ay kagyat na maapektuhan sa hinaharap. Wala raw pribadong sektor ang magsusulong sa kapakanan ng hanay ng manggagawa, magsasaka at sambayanan sa kabuuan sapagkat ang tanging iniisip lamang nila ay kung ano ang nakabuti para sa kanila lamang. Ang karaniwang pananaw ng *profit orientation* na sa tuwina ay isinasapraktika ng mga kapitalista na walang pakialam sa mga mamamayan. Ang 5 bahagdan ay nagsasabing nakabuti ito sapagkat tumaas ang kanilang posisyon,

Chi Square Test

Isang kainaman sa paggamit ng **chi square** ay upang mapatutuhanan ang ipotesis ng mag-aaral kung ang pribatisasyon ba sa Pambansang Pangasiwaan ng Pagkain ay tunay o totooong nakasasama hindi lamang sa hanay ng mga empleyado nito kung hindi sa mga magsasaka at ang sambayanan sa kabuuan.

Ho: Walang diperensiya sa mga respondente na ang tingin sa isyu ay nakabubuti laban sa mga respondente na sumagot na hindi ito nakabubuti.

Ha: Ang pribatisasyon ay nakasasama sa mga empleyado ng ahensiya at sa sektor agrikultura sa kabuuan.

Ang Formula:
$$\frac{X^2 = (O-E)}{E}$$

Degrees Of Freedom:

$$Df = (r-1) (c-)$$

$$= (2-1) (2-1)$$

$$= 1$$

Levels of Significance:

$$= 1 / 2 = .05$$

Nakabuti	3
Nakasama	57

$$= \frac{(3-30)^2}{30} + \frac{(49-30)^2}{30}$$

$$= \frac{(-27)^2}{30} + \frac{(27)^2}{30}$$

$$= 24.3 + 24.3$$

$$= 48.6$$

Ang *null hypothesis* ay nararapat lamang na hindi tanggapin sapagkat ang katumbas na halaga nito sa talaan ay mas mababa kumpara sa nakuhang halaga ng *chi square*. Ang value ng *chi square* sa talaan ay 6.103 na mas mababa sa 48.6, ang *discrepancy* ay sadya namang kapansin-pansin, kung kaya ito ay nagpapatunay na ang pagsasapribado sa *National Food Authority* ay walang mabuting idudulot sa kabuuang hanay ng mga empleyado at magsasaka kasama na rin ang sambayanan.

Kabanata III

REKOMENDASYON AT KONKLUSYON

Samakatuwid, malinaw na taliwas sa sinasabi ng mga administrador ng ahensiya at ng pamahalaan mismo na nagsusulong ng polisiya sa pribatisasyon kung saan pinapalabas nila na kabutihan ang dulot ng nasabing programa, iginigiit pa rin ng karamihan sa empleyado nito na nakasasama ito sa mayorya, hindi lamang sa hanay nila kung hindi sa hanay ng sektor agrikultural. Kinukwestiyon na rin ang karamihan ang pangunahing dahilan kung bakit naitatag ang ahensiya, hindi na ito nakapaglilingkod sa agrikultural na hanay dahil na rin sa unti-unti nitong pagkawala ng kapangyarihan sa pagkontrol sa mga presyo ng mga produktong agrikultura. Ang paglilipat ng mga *trading functions* nito sa kamay ng pribadong sektor ay isang manifestasyon ng unti-unting pagkitil sa dati ay makabayang hangarin ng ahensiya. Paano masasabi ng pamahalaan na ang nasabing polisiya na nasa ilalim ng globalisasyon ay nakabubuti? Disin sana ay walang mga magsasaka, mga empleyado at iba't-iba pang sektor na nakararanas ng pagrereorganisa sa pagpapatupad nito ang patuloy na sumisigaw sa mga lansangan at pilit bakahin ang kagustuhan ng sistema. Ang *position paper* ng KILOS-SAKA o Kilusan ng mga Samahang Magsasaka ukol sa Pribatisasyon ng NFA ay matatagpuan sa Apendiks I. Gayundin ang paninindigan ng COURAGE ukol dito ay makikita sa Apendiks II. Masasabi bang pag-unlad ang pagkatanggal ng mga manggagawa noong simula ng pagpapatupad nito? Hindi lamang tanggalan ng mga manggagawa ang isyu dito, ang mga “pinalad” kuno na

empleyadong nanatili matapos ang reorganisasyon ay kumaharap ng sulirarnin sa pagbabago ng *terms of employment* na ipinapataw ng mga namamahala, nariyan ang pagliit ng benepisyo na kanilang natatanggap, o dili kaya ay hindi na sila permanente sa kanilang mga trabaho at maaaring tanggaling kahit anong oras. Talamak pa rin daw irregularidad sa hanay ng mga namamahala, kung ilan ng namahala ng ahensiya ang pinatanggal ng mga nagkakaisang empleyado dahil sa kanilang katiwalian.

Hindi naangkop ang pagyakap ng pamahalaan sa mga kondisyon ipinataw ng mga dambuhala at ganid na IMF-WB at ADB sa atin. Ang pamahalaan ay nagpapakita lamang ng kanilang pagkatuta at pagiging sunudsunuran sa mga *neoliberal policies* na ipinataw sa atin, mga polisiyang labis na nagpapahirap sa sambayanan. Hindi naaayon na isapribado ang ahensiya sapagkat ito dapat ang tumutugon sa pangangailangan at seguridad ng sektor ng agrikultura, bilang isang institusyon na nagtataguyod ng basikong serbisyo, ang pagmomonopolisa rito ay hindi makatarungan. Bilang katugunan, nararapat na isabansa ang institusyon at magbigay ng mga kaukulang resolusyon na makakabuti sa sektor ng agrikultura at mga manggagawa nito. Kasabay nito, kinakailangan na ang mga mamamahala sa bansa ay hindi mga proponente ng mga salot na polisiya na idinidikta ng mga dayuhan na pilit pa ring komokontrol sa ating bansa hanggang sa ngayon at patuloy na sumasakal at nakikinabang sa ating mga pinagkukunang yaman. Hindi isang mamumuno na nagpapaalila at tanging tagasunod lamang ng mga ganid na dayuhan ang kailangan ng bansa, hindi isang mamumuno na buong loob na ibenta ang bansa sa mga ito. Kailangan

natin ng mga mamumunong magtataguyod ng mga makabuluhang programa na totoong nagsusulong sa interes ng mayorya. Tanggalin ang mga polisiyang nagmamanipla sa sektor ng agrikultura na dikta ng *World Trade Organization* na kinabibilangan ng AFMA (*Agriculture and Fisheries Modernization Act*) , AoA (*Agreement on Agriculture*) at marami pang iba. Ang reporma sa lupa na hinihingi ng mga magsasaka ay ipatupad ng maayos, nararapat din na alam ng mamumuno ang priyoridad nito sa pag-aaloka ng badyet, pinapabayaan ng pamahalaan ang kapakanan ng agrikultura, hindi mo maaring ipagsawalang bahala ang katotohanan na ang pagpapa-unlad sa agrikultura ay isang mabuting hakbangin at susi sa pagkakaroon natin ng maipagmamalaking *national industry*. Kung mapapansin, *backward* ang teknolohiya sa agrikultura kung kayat nananatiling hirap ang ating mga magsasaka, kulang tayo sa kagamitan sa pagtatanim, gayundin, kailangan ng subsidiya ng mga magsasaka at suporta mula sa pamahalaan sa merkado nila ng mga produkto. Ang pagsasapribado sa ahensiya na tanging inaasahan ng mga magsasaka na tumangkilik sa kanilang produkto ay hindi talaga makakabuti.

Kailangan din na isaalang-alang ng pamahalaan ang seguridad natin sa pagkain, hindi nakabubuti ang ating tuwina ay pag-angkat ng mga produkto mula sa ibang bansa habang nagdudumilat ang katotohanang karamihan sa mga inaangkat natin ay itinatanim din naman sa ating bansa. Mas mura daw kasi ang mga nanggagaling sa ibang bansa sa tuwina ito ay rason nila, kung kaya, walang laban ang mga domestikong produkto na mas mahal nga naman. Ang dahilan ng pag-angkat natin ay dikta pa rin ng mga dayuhan, ang oryentasyon natin ng

import-dependent at export-oriented sa larangan ng pakikipagkalakaran ay hindi pa rin nababasag magpasahangang sa kasalukuyan. Ang patuloy na katiwalian at panggigipit sa ating mga magsasaka sa kung ano ang kanilang dapat o hindi dapat na itanim ay hindi makatarungan. Kung hindi matugunan ng ating agrikulturang hanay ang pangangailangan natin sa pagkain, nagbabanta ang inseguridad natin sa pagkain, ito ay isang *soft spot* na maaaring gamitin sa atin ng mga ganid na dayuhang upang *iblackmail* tayo at lalo pang palalain ang *plunder* na ginagawa nila sa ating bansa. Tayo ay *vulnerable* sapagkat wala tayong pamimilian kung hindi ang sumunod, mapipilitan tayong gawin ang kanilang nais kung hindi ay magugutom tayo.

Sa hanay ng mga manggagawa, nararapat lamang na magkaroon ng demokrasya at sapat na dayalogo sa pagitan ng mga namamahala sa ahensiya at mga empleyado. Hindi kailangan ng mga empleyado ang manggigipit sa kanila at magkakalat ng katiwalian sa ahensiya na ikinakasira ng kredibilidad ng institusyon. Hindi rin makatarungan na lalo pang palalain ang *terms of employment* na magbabanta sa seguridad ng mga empleyado ukol sa kanilang trabaho. Ang unyon ay mahalagang maitatag sa bawat institusyon upang magkaroon ng boses ang mga empleyado. Hindi lamang nalilimitahan ang pakikibaka ng unyon sa kanilang hanay (empleyado) dahil alam nila, at namumulat sila sa katotohanang ang suliranin ng hanay ng manggagawa ay karugtong ng mga hinaing ng mga nasa hanay ng agrikultura at ang mayorya ng mga mamamayan ng bansa. Kung kaya, nararapat na magkaisa rin ang mga nasabing hanay sa pakikibaka sa nangyayaring reorganisasyon.

Ang banta ng patuloy na pagrereorganisa sa NFA ay nananatili, hindi ito usapin ng kung mapipigilan ba o tuluyang matanggal sa listahan ang ahensiya sa mga isasapribado dahil ang katotohanan nito, naghihintay lamang ng tamang pagkakataon ang Malacanang sa implementasyon ng agarang pagsasapribado sa institusyon. Sa hinaharap, may magaganap ngang pribatisasyon kung gayon. Dahil sa katotohanang ito, dapat maging mapagbantay ang mga hanay na apektado sa isyu. Ipamulat natin sa pamahalaan na ang mga salot na polisiya ay siyang tunay na balakid natin sa pag-unlad wala ng iba. Hindi makatarungan para sa isang mamumuno na isaalang-alang ang kapakanan ng sambayanan para lamang sa pansarili nitong interes. Isa lamang ang tiyak: SALOT ANG PRIBATISASYON, ito ay tinik sa lalamunan ng mga empleyado, ng mga magsasaka at ng mamamayan ng Pilipinas. Ito ay pakawala ng mga multilateral institutions na ang tanging hangarin ay ang panatilihin ang bansa bilang kanilang mapagkukunan ng tubo, at maisasakatuparan lamang nila ang mga ito sa tulong ng mga nasabing polisiya sa ilalim ng globalisasyon.

Mga Sanggunian:

- Ac-ac, Mike, "The Politics of NFA Privatization". Ibon Features, Vol. VI, No. 9, Ibon Foundation Inc., 2000
- _____. "Agreement on Agriculture: Endangering Food Security". Ibon Facts & Figures. Vol. 29, No. 16. Ibon Foundation Inc., 2000.
- Ang, Alvin P. "A Review of Privatization in the Philippines". SRC Update. University of Sto. Tomas Social Research Center, July 2001.
- Azurin, Miriam & Rosa Bella Guzman. "The Prospects of the Philippine Food Security Under the WTO". Ibon Special Release. Ibon Foundation Inc., 2001.
- Barranco, Nenita & Susan Amor Palafox, ed. Privatization & Its Impact on Labor Relations in the Philippines. UP School of Labor and Relations. Quezon City, 1988.
- David, Cristine C, "Philippine Agriculture: The Difficult Path to Recovery". Philippine Economic Journal., Vol. 31, Nos. 1 & 2, 1992.
- Garcia, Maria Angela Cristina . "Foreign Investment in Philippine Agriculture". Journal of Philippine Development. Vol. 2, No. 2, 1984.
- _____. "GMA's Pro-globalization Bias Confirmed: Arroyo Turns NFA Into Rice Importing Conduit. Ibon Features (News Releases). Ibon Foundation Inc, 2001.
- Gonzales, L.A. "Sustaining the Rice Industry: Impact of the Peso Devaluation on the Profitability & Global Competitiveness of the Rice Sector". Philrice Technical Bulletin. Vol. 5, No. 2. Philippine Research Institute, 2000.
- Macapagal, DM Jr. & GS Beltran. "Privatization of Government Corporations: Issues and Directions for the 1990's" Philippine Economic Journal, Vol. 31, Nos. 1 & 2. Philippine Economic Society, 1992.
- Privatization: Corporate Takeover of Government. Ibon data bank and Research Center. Ibon foundation Inc., 2003.
- Internet:
<http://www.ibon.org/news.htm>
<http://www.nfa.gov.ph/nfa8.html>
<http://www.congress.gov.ph>
<http://www.courage.skynet.net>
http://www.ppi.org.ph/agri_trade?position_papers/post_2.htm

APENDISE:

A. Position Paper of the KILOS_SAKA Regarding the Privatization of NFA

Last July 23, 2001, in her state of the nation address, President Gloria Macapagal-Arroyo issued a policy pronouncement to the effect that the National Food Authority's (NFA) monopoly on rice importation will be lifted and that small farmers will be allowed to undertake importation of the commodity.

Pursuant to this policy the NFA drawn up draft guidelines for the implementation of the said policy and has conducted a series of consultations with farmer's groups on this matter.

At the same time, legislative proposals are also pending in Congress seeking to re-organize the NFA and de-couple its regulatory and trading functions.

We strongly disagree with the above-mentioned policies on the following grounds:

1. **The policy of allowing small farmers to import rice is part and parcel of the package of liberalization and privatization measures which will prematurely open up the country's rice industry leading to the displacement of millions and the crippling of the domestic rice industry.**

Thus, it should not be viewed independently of other proposals concerning the rice sector including proposals to re-organize the National Food Authority (NFA) and the proposal to remove quantitative restrictions (QR) on rice importation. The proposal is an obvious attempt to soften resistance to the objective of eventually privatizing the NFA's trading function while paving the way for rice tariffication.

The premature liberalization of the domestic rice industry poses a direct and immediate threat to a significant segment of agriculture. Imports compete with local production and have the effect of depressing local prices and, consequently, farm incomes. In concrete terms, around 2 million farmers are into rice production. In addition, 86,000 wholesalers and retailers and 12,000 millers form part of the domestic rice industry (BAS, 1998). Allowing importation of cheaper rice will effectively displace them—negating whatever headway government manages to make in employment-generation through its much-touted One Million Jobs Program.]

Palay production accounts for about 19% of total output of agriculture or 2.9% of Gross Domestic Product (GDP). Production was valued at P92 billion in 1999 (University of Asia and the Pacific, 2000). All this does not even take into account the multiplier effect a healthy domestic rice industry has on the economy.

Untimely liberalization and privatization policies also unduly compromise our ability to achieve rice self-sufficiency. This is particularly true given our obvious lack of competitiveness relative to other rice-producing countries. Our national average rice yield, for example, at 2.87 MT/hectare is way below average yields in Thailand, Vietnam and China (FAO, 2000). Our total irrigated farmland, at 2.66 hectares (DA, 1999) is only 42% of total potential irrigable farmland (World Bank, 1999). Paved road network is at 17%, way below that of Malaysia (75%) and Thailand (82%), the top rice producer. We also spend a measly 0.3% of agricultural GVA for agricultural research, one of the lowest in the region.

Finally, we do not understand why this government is pushing farmers to go into rice importation when their long-standing call has always been for the government to support

them in increasing rice production through productivity enhancement programs geared toward achieving self-sufficiency.

2. **NFA privatization, in the guise of de-coupling is tantamount to the state's abdication of its role in ensuring food security.**

In these times of increasing globalization and inter-country economic competition, our domestic sectors—especially weak and underdeveloped sectors like agriculture—need all the support that government can give them. Unfortunately, this is proving increasingly difficult under the government's policy track of handing over key functions to the private sector.

The state's withdrawal from the agency is evident in its declining budget allotment. According to NFA Administrator Tony Abad, in 1997, the agency's budget allotment from the Department of Budget and Management (DBM) was P1.5 billion; in 1998, P1.2 billion; in 1999, P1.2 billion; while only P1 billion was allotted for the year 2000. Of this year's allotted P1 billion, only 90 million had actually been released as of mid-September. In short, the agency's budget declined by 33.33% in a span of three years!

The NFA is a strategic agency when you talk of food security. Privatizing it would remove one of the few mechanisms of support available to local farmers who produce 90% of the country's rice requirement. It would also remove one of the government's instrument's for market intervention in pursuit of public interest. And with the current volatility of the world grains market, and the historic rapaciousness of the local rice cartel, NFA's privatization would leave the country vulnerable to changes in the available supply in the world market and the predatory practices of the big domestic rice traders.

The widening gap between the global production and consumption of staple grains should prompt us to prepare for future accessibility problems as far as rice is concerned. This is particularly glaring in Asia where demand is expected to increase by as much as 70% in the coming decades as population growth continues to outpace production growth. In a situation, for example, where international marketable surplus is very low, any shortfall in the domestic production in any of the rice-exporting countries would pose serious problems for the rice-importing countries like the Philippines.

3. **Free market forces cannot ensure society's welfare given the current imperfections in the domestic market.**

Leaving the rice sector to the forces of the market, therefore is contrary to the pursuit of public interest. The argument that allowing the unhindered operation of market forces would mean less corruption and cheaper rice for Filipino consumers presupposes the existence of a perfect market.

This, however, is not the case in the local rice industry. The domestic market is imperfect and, in fact, highly cartelized. It is highly doubtful, therefore, whether the benefits of cheaper imported rice will be transmitted to the consumers. In fact, this development will be detrimental to the country's grains farmers as well as ordinary consumers as it would mean being left at the mercy of unscrupulous grains traders who would surely exploit the situation to maximize their profits. The result: low palay prices for farmers and high rice prices for consumers.

Clearly, given such rent-seeking behavior, the state must step in to provide the regulatory framework. Regulation will prove ineffective, however, if government lacks the capacity to directly influence the market through instruments like the NFA.

While there is some truth to the statement that the NFA has been ineffective in

influencing farmgate and retail prices of rice, this is largely due to inadequate funding and procedural flaws in its procurement system. Its failure to fulfill its mandate in no way invalidates the basic rationale behind government intervention in the rice industry. The need for government intervention is clear and, therefore, the appropriate response would be to improve and strengthen the agency to enable it to carry out its function rather than to further downgrade its capacity to pursue its mandate.

4. Small farmers at present have limitations in terms of resources and technical expertise which make it virtually impossible for them to effectively participate in rice importation.

